INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume VI, Issue 7 July 2026, eISSN: 2799-0664

# Kwentong-Bayan ng Hingyon Ifugao: Isang Aklat-Sanayan sa Pagbasa para sa Ikalimang Baitang antas Elementarya

**HILDA N. IMMANGDUL**
Ifugao State University, Potia Campus, Alfonso Lista, Ifugao
Himmamgdul@gmail.com

**LUZVIMINDA N. PACYA**
Department of Education- Santo Domingo ,Alfonso Lista, Ifugao Domingo
luzviminda.pacya@deped.gov.ph

*Abstract* — Ang pag-aaral ay nakatuon sa pag-aaral sa kwentong-bayan ng bayan ng Hingyon, Ifugao bilang aklat-sanayan para sa ikalimang baitang ng elementarya .Ginamit sa pag-aaral ang pamaraang Deskriptibong-pagpapaunlad . May sampung piling taal na matatandang Ifugao na may edad 60 pataas ang mga tagatugon. May labinlimang bilang ng mga piling kwentong –bayan na kinalap at isinalin ,una sa TL na Ingles tungo sa pangalawang TL na wikang Filipino para sa madaling pagsasalin.Sa Pagkuha ng mga datos,ginamit ang di-binalangkas na panayam, dinagdag ang pagsasalin sa tulong ng paraang gawa ni Newmark(1988) na nagsilbing gabay sa ginawang pagsasalin,hinati sa dalawang pangkat: una ay ang Simulaing Lengguwahe(Semantiko) na ginamit ng mag-aaral ang Salita – sa – salita ,ito ang "word-for-word translation ayon kay Savory.Ito ang paraang ginagamit ng mga lingguwista para ipakita ang kahulugan ng mga salita at estruktura ng mga wikang tinatalakay.Isa pang ginamit ng mag-aaral ay ang pagsasalin gramatikal na SL (Simulaing Lengguwahe). Pangalawa ay ang Tunguhang Lengguwahe na binigyang-diin din ang komunikatibong salin maliban sa dalawang pamamaraan ay may Tuwirang Pamamaraan (Direct Method).Naisasagawa ang pagpapasuri/pagpapabalido sa ginawang salin sa mga gurong taal na Ifugao na nagtuturo ng Filipino.Sa pamamagitan nito ay mapanatili ang orihinal na tekstong Ifugao ng mga kwentong-bayan. Batay sa datos na naisagawa ,nabuo ang isang aklat-sanayan na ginamitan ng mga iba't ibang kasanayan sa pagbasa para sa mga elementaryang nag-aaral ng araling Filipino.Inirerekomenda ang ibayong pag-aaral sa iba pang katutubong kwentong -bayan tungo sa pagkakakilanlan sa unang wika na bahagi ng araling pang-elementarya (MTLB).

***Keywords: Kwentong-bayan, Aklat-sanayan, Filipino, Pagsasalin***

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

# I. INTRODUKSIYON

Ang Cordillera Administrative Region (CAR) ay binubuo ng mga probinsyang ang karamihan sa mga mamayan ay katutubong Igorot. Igorot ang kolektibong termino para sa mga etnolingguwistikong grupo na nakatira sa kabundukan ng Cordillera. Ang kanilang paninirahan sa kabundukan ang dahilan ng pagkakahiwalay nila sa daloy ng pamamalakad at pamumuhay sa kasarinlan sa administrasyon ng rehiyong ito. Ibig sabihin, may relatibong pagsasarili o independensya ang rehiyong ito sa pamamalakad ng kanilang mga sistema ng gobyerno batay sa mga iginagalang na estilo ng pamumuhay o kultura na minana pa sa ating mga ninuno.(Santiago,2002)

Kabilang ang mga probinsiyang Abra, Apayao, Ifugao, Kalinga. Bontoc o Mountain Province at Benguet.Dito naninirahan ang mga pinakatampok na grupong etnolingguwistiko .

Mayaman ang mga pook na ito ng mga kaalamang bayan na isinalimbibig sa mga henerasyon. Kaya matutuklasan dito ang mga iba't ibang anyo ng panitikang-bayan, mula sa epiko, mito, alamat, kwentong-bayan, pabula, kasabihan , mga awit at mga ritwal. Kaya't dagdag pa ni Santiago na ang pag-unlad sa mga panitikang Cordillera ay pagpapalalim ng pag-alam sa identidad ng mga Pilipino, at sa ibinunga nitong pagbabago at pag-unlad sa pamumuhay ng mga katutubo, naikikintal ang mga tiyak na pagkakakilanlan sa lahing Pilipino.

Mayaman nga ang Cordillera sa mga kaalamang bayan, ngunit iilan ang mga nalathala sa libro o ibang mga babasahin para mabasa rin ng iba lalo sa antas elementarya.

Ito'y isang malaking hamon ang pagsaliksik, pagtuklas, pag-aaral, at pagsusuri ng iba't ibang anyo ng panitikan sa Pilipinas. Kaya para maging makabuluhan ang ganitong pag-aaral, hindi lamang ang talento sa pagbabasa ng mga tekto ang kailangan kundi ang sipag at tiyaga rin sa pag-unawa ng mga akda. Ibig sabihin , kailangang hanapin at hanapan ng matapat na kontekto at maliwanag na perspektiba ang mga babasahin nang lalong maging kalugod-lugod ang pag-aaral sa mga ito.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Sa panahon ng globalisasyon, lubhang limitado ang pag-aaral sa mga anyo at porma lamang. Kailangang maipaliwanag ang pinagmulan, mga gumagamit at lumilikha ng akda at kung saan madalas ito itinatanghal, ginagawa o ipinaririnig.

Isa sa makrong kasanayan ang pagbasa na mataas ang antas ng kakulangan sa gamiting pagtuturo at pagkatuto dahil sa kawalan ng gamitin ay may epekto sa larangan ng pagtuturo at pagkatuto lalo sa antas elementarya. At dahil dito , isinaalang-alang ang pagbuo ng mga kagamitan mula sa katutubong akdang pampanitikan na mas malaki ang ambag kaugnay sa interes, karanasan, at antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Kaugnay na literatura at Pag-aaral**

Sa kabanatang ay may layuning ilahad ang mga may kaugnay na pag-aaral sa pag-aaral.Sinuri ang kaangkupan ng mga kaugnay na literatura sa pag-aaral ,ito man ay mula sa lokal at nasyunal na pakinabang sa paksang sinasangkutan ng pag-aaral **.**

Bilang bahagi ng pagtuturo ng Panitikan ,nakatutulong ang paggamit ng mga akdang mula sa lugar na kinabibilangan katutubong grupo ng mga mag-aaral para sa mas lalong ikabubuti ng pagtuturo at lalong pinapahalagahan ang sariling katutubong kultura.Mas malaki ang iambag sa pagkatuto at pagtuturo kung ang isang basehan ay mula sa kinabibilangan ng mga mag-aaral lalo sa kanyang pagtangkilik sa sariling kinagisnang kultura.

Malaki ang naitulong ng BEC Act of 2001( Basic Education Curriculum)na naglalayon sa bahaging pampanitikan na mabigyang dangal ang mga pamanang kalinangan ng lahi sa pag-aaral ng akdang Pampanitikang Filipino.May kakulangan sa akdang salin sa Filipino. Nakasaad na layunin ng pagtuturo ng Panitikan ng Pilipinas ay upang mabuksan ang mga mata ng mga mag-aaral sa kayaman ng ating kultura sa pamamagitan ng pag-aaral ng iba't ibang tekstong pampanitikan na hango sa iba't ibang rehiyon ng Pilipinas (CHED Memorandum 59 s. 1996 ).

Panitikang rehiyonal ay mga panitikan ng isang rehyon sa Pilipinas na sinusulat o inakda ng mga manunulat ng masabing rehyon at nasusulat sa wika at rehyon ding iyon. Kasama rin dito ang pasalita o di-nasulat sa panitikang-bayan ng nasabing rehyon (Villafuerte 2000).

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 7 July 2026, eISSN: 2799-0664

Pinaalala ng CHED (Commission on Higher Education) ang pagsali sa pagbasa ng ilang halimbawa ng akdang pampanitikan ng mga iba't ibang rehyon(CMO No.59 1996).Ang ilan sa mga iminungkahing halimbawa ng akdang panrehyon ng iba't ibang rehiyon ng Pilipinas bilang karagdagan sa mga akdang pampanitkan na tatalakayin :

Rehiyon I – Lam-ang

Rehyon II- Gaddang legend of Magat River, Baliwagay,Limolat, Laji, Unonin

Rehyon III- aeta  Riddles

Rehyon IV- Jama Mapun ( Creation Stiries¸Robloanon, provers,Tagbana  Myths ambahan, Tultul,      Jose Rizal

Rehyon V- Ibalon

Rehyon VI- Composo, Hinilawad

Rehyon VII-Bahalanon, lyric Poems

Rehyon VIII- Waray Modern Poems

Rehyon IX- Subanon long tales, Yakan Legends

Rehyon X- Manobo Myths

Rehyon XI- Bagabo Riddles, Bilaan Folktales, T'bali Folktales, Darangen, Oman-oman Babatuhan

Rehyon XII-Ulahingan

Rehyon XIII- Agusan Manobo myth

NCR-        Mga Akdang sinulat nina Rosalia Aguinaldo, Francisco Arcellano, Cirilo F Bautista at iba pa.

ARMM-     Tituray  turtle tales

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

CAR- Ibaloy myth, Isneg Riddles, Tingian flood myth, Hudhud,Ogood, Sudsud, Ullalim. (CMO No. 59,1996)

Gumawa isang pag-aaral si Gonzales (2009) tungkol paggamit ng kwentong bayan sa pagtuturo ng pagbasa na may layuning suriin kung ano ang epekto ang paggamit ng local ng kwentong bayan , lumabas sa resulta ng pag-aaral na mas pinatataas ang antas o kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa kapag mula sa local na konteksto ang binabasa.Ang pag-aaral na ito ay kaugnay sa kasalukuyang pag-aaral na kagaya ng paggamit ng local na kwento para sa pagkatuto sa pagbasa.

Sumasang-ayon din sa kasalukuyang pag-aaral ang saliksik ni Dizon (2011) tungkol sa kultura at pagbasa sa antas elementarya.Ipinapakita ng pag-aaral na kaugnay ito sat ema at nilalaman ng aklat-sanayan sa pagbasa dahil sa pagiging kontekstwal sa mga mag-aaral sa isang rehiyon.

Kaugnay din ang pag-aaral ni Reyes (2012) sa kasalukuyang pag-aaral dahil ito'y kaugnay sa interes sa pagbasa gamit ang local na akda ,pinagtitibay ang ideyang ang mga katutubong kwento ay nakatutulong upang mapataas ang interes at pagganap sa pagbasa ng mga mag-aaral antas elementarya.

Ayon sa pag-aaral ni Cruz at Bautista (2013) na Panitikang Bayan bilang Kagamitang Panturo,ang pagsasama ng mga kwentong bayan sa pagturo ay hindi lamang nakapagpapahusay sap ag-unawa sa pagbasa Kundi pati sa pagpapahalagang moral at kultural .May kaugnayan ang pag-aaral na ito dahil sa atake nito sa pagpapahalagang kultural na may kaugnayan pa sa pagtangkilik sa sariling kinagisnang kultura.

Mula sa resulta ng pag-aaral ni Padilla(2014) tinalakay dito ang pagbuo at pagtupad ng aklat-sanayan na may kontektwal na nilalaman at ito'y epektibong gamitin lalo sa pagtaas ng antas o kakayahan sa pagbasa.Ito'y nauugnay sa kasalukuyang pag-aaral dahil sa maging batayan ng aklat-sanayan .

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Sa pag-aaral naman ni Villanueva (2010) na Alternatibong Kagamitang Panturo sa Pagbasa ,natuklasan na mas epektibo ang gamit na local sa pagbasa kaysa komersyal dahil sa pinauunlad nito ang pangangailangang alternatibong ng mga alternatibong kagamitang panturo.

Batay sa pag-aaral ni Navarro(2015) nalaman na may kakulangan ng local at kulturang teksto sa mga pampublikong paaralan,at ito ay nagdudulot ng mababang interes sa pagbasa katulad din ng kasalukuyang pag-aaral kaya ito ang nagtulak para sa mas lalong pagpapahayag pangangailangang itaguyod ang hangaring malutas ang kakulangang ito sa pamamagitan ng pagbuo ng isang kagamitang panturo.

Sinikap ng mananaliksik na isinagawa ang ganitong uri ng pag-aaral sapagkat makatutulong ito upang malaman at mapalaganap ang mga natatagong kalinangan ng lalawigang Ifugao at upang ipunla sa isipan ng mga kabataan ang mga butil ng karunungang napapaloob sa mga kwentong - bayan ng Ifugao sa pamamagitan ng pagsasaaklat-sanayan para sa pagbabasa ang mga ito at upang matugunan ang mga pangangailangan sa makrong kasanayan sa pagbasa para sa elementarya.

## II. METODOLOHIYA

### Disenyo ng pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong-pagpapaunlad na disensyo ng pag-aaral. Sa pag-aaral na ito, gumamit ng nabanggit na disenyo dahil una, ito ay deskriptibong pananaliksik dahil kaugnay sa layunin ng pag-aaral na tipunin at ilarawan ang mga kwentong bayan ng mga Tuwali ng Hingyon, Ifugao,pangalawa ,dahil ito ay pagpapaunlad dahil kaugnay sa din sa paglikha at pagbuo ng isang produkto ,instrumento ang aklat-sanayan sa pagbasa na dumaraa sa mga yugto ng pagdidisenyo, pagbuo, pagwawasto at pagpapatibay ng aklat-sanayan at dagdag pa rito ay naisalang-alang ang kurikulum, antas ng kakayahan ng mag-aaral , at layunin ng pagtuturo sa pagbasa.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 7 July 2026, eISSN: 2799-0664

**Mga Tagatugon sa Pag-aaral**

Ang mga tagatugon ay binuo ng sampung taal na Ifugao na ang katutubong wika ay Tuwali mula sa bayan ng Hingyon ,Ifugao at piling mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino.Pinili ng mananaliksik ang mga may edad 60-75 na may halong lalake at babae para sa pagkuha ng datos kaugnay sa mga taal na kwento ng mga katutubo mula sa lugar na ito.Pumili rin ng mga guro na mga taal na Tuwali ng Hingyon Ifugao para sa pagpapabalido sa salin at aklat – sanayan.

**Instrumentong ginamit sa Pag-aaral**

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng mga intrumentong kaugnay sa pangangalap sa mga kinakailangang datos .Ginamit ang tseklis kaugnay sa mga kasanayan sa pagbasa para sa pagbuo ng aklat-sanayan ,dito malaman ang mga iba't ibang kasanayan na maaring gamitin sa isang katutubong kwento para sa lalong mapalalim ang kaalaman sa pagbuo ng kagamitan para sa antas elementarya.Pangalawa ay ang pakikipanayam ,na layunin dito na malaman ang mga iba't ibang katutubong kwento mula sa mga tagatugon na taal na nagsasalita ng wikang Tuwali sa tinutukoy na lugar.

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Isinagawang sistematiko at etikal ang pangunahing estilong ginamit sa pangangalap ng datos. Ang mga mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa mga kinaukulan para sa pagkuha at pagpapabalido ng mga datos . Sa pagpili ng kalahok o ang mga tagatugon .Ipinaalam din sa mga kalahok ang mga layunin ng pag-aaral para sa mas mahusay sa tunguhin ng pananaliksik. Isinaalang-alang din ang pagpapatunay ng instrumento para sa gabay ng pakikipanayam .Ang pangangalap ng dokumento dito ay nagpapakita ng isang masusing sur isa pangangailangan sa pagbasa.Isinaalang-alang din ang paglapat ng mga iba't ibang bahagi sa aklat-sanayan at ang huli ay ang pagsasagawa ng patunay at rebisyon para sa ebalwasyon din ng aklat-sanayan tungo sa pagtanggap nito ng mga kinauukulan.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 7 July 2026, eISSN: 2799-0664

## III. RESULTA AT DISKUSYON

Makikita sa bahaging ito ang mga nakalap na datos at interpretasyon nito.

**TALAHANAYAN 1**
**MGA KWENTONG - BAYAN NG HINGYON IFUGAO PARA SA SANAYANG-AKLAT BILANG TUGON SA MAKRONG KASANAYAN SA PAGBASA PARA SA IKALIMANG BAITANG ANTAS ELEMENTARYA**

| Mga Salin sa Wikang Filipino | Uri ng Kwento |
|---|---|
| Ang Nagbabalatkayong Bugan | Kwentong Pangkatauhan |
| Bakit ang puno ng Camiling ay nagbibigay ng Kati sa balat | Alamat –mga kwentong nagpapaliwanag sa pinaggalingan ng mga bagay |
| Pangngudyao at Tiwtiwaddan | Kwentong pangkatauhan |
| Si Bugan sa Bundok ng Atugo | Kwentong Kababalaghan |
| Ang Pinagmulan ng mga Bato sa Numbilingan | Alamat –mga kwentong nagpapaliwanag sa pinaggalingan ng mga bagay |
| Ang Daga at ang Mag-asawa | Kwentong pabgkatauhan |
| Si Dulnuan | Kwentong pangkatauhan |
| Kabutte | Kwentong Kababalaghan |
| Ingguguwid ,ang Kapit-bahay na Sakim | Kwentong Kababalaghan/pangkatauhan |
| Aguinaya | Kwentong pangkatauhan |
| Ang Paglalakbay ni Pumihic sa Kalangitan | Kwentong kababalaghan |
| Ang Alamat ng Bitu | Alamat –mga kwentong nagpapaliwanag sa pinaggalingan ng mga bagay |
| Magappid | Kwentong pangkatauhan |
| Ang Alamat ng Ating Lahi | Alamat –mga kwentong nagpapaliwanag sa pinaggalingan ng mga bagay |
| Ang Isinumpang Lugar ng Ungwittan | Kwentong Kababalaghan |
| Si Bugan Pangaiwan | Kwentong Pangkatauhan |
| Ang Alamat ng Ibong Duyyuduy | Alamat –mga kwentong nagpapaliwanag sa pinaggalingan ng mga bagay |
| Bugan at Ang Ibong Maya | Kwentong Kababalaghan at Pangkatauhan |
| Intuyya | Kwentong Pangkatauhan |
| Pattunul at Pattung-og | Kwentong Pangkatauhan |

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Batay sa mga nakalap na datos may bilang na dalawampung mga piling kwentong -bayan para sa paggawa ng aklat-sanayan .Ito ay nauuri rin ang mga kwentong - bayan ng Tuwali ng Ifugao ,may kwentong kababalaghan,pinagmulan ng mga bagay at mas marami sa pangkatauhan. Ang resulta ay kaugnay sa pag-aaral ni Reyes (2012)na sa paggamit ng lokal na akdang pampanitikan ay mas maganda ang takbo ng pakikilahok ng mga mag-aaral .Pinapatibay nito ang kaisipang ang mga kwentong-bayan ng katutubong Ifugao ay makatutulong din pagpataas ng kakayahan sa pagbasa lalo sa antas elementarya sa ikalimang baiting. Kaugnay din ang resulta sa pag-aaral ni Cruz at Bautista (2013) sa paksang Panitikang Bayan bilang kagamitang panturo na nalilinaw ang kaugnayan hindi lamang sa pang-akademikong kasanayan Kundi ang pagpapahalaga sa kinagisnang kultura kaya ang ibig sabihin ay tunay na pagtangkilik sa sariling pagkakikilanlan ng isang lahi at malalaman ang mga natatagong hiyas na kayaman ng mga katutubo at maging tawag sa atin bilang mga guro na tangkilikin din ang sariling atin para hindi mabaon sa limot bagkus ipakilala ang sariling atin para ito'y malaman na ibang henerasyon .

**TALAHANAYAN 2**
**PAGTUGON NG AKLAT-SANAYAN SA PANGANGAILANGANG MAKRONG KASANAYAN SA PAGBABASA NG MGA MAG-AARAL SA IKALIMANG BAITANG NG ANTAS ELEMENTARYA**

| Mga Kwentong-bayan ng Tuwali ng Ifugao | Mga Kasanayan sa Pagbasa na Inilahad sa Bawat Kwentong-bayan |
|---|---|
| 1.Ang Nagbabalatkayong Bugan<br>2.Bakit ang puno ng Camiling ay nagbibigay ng Kati sa balat<br>3.Pangngudyao at Tiwtiwaddan<br>4.Si Bugan sa Bundok ng Atugo<br>5.Ang Pinagmulan ng mga Bato sa Numbilingan<br>6.Ang Daga at ang Mag-asawa<br>7.Si Dulnuan<br>8.Kabutte<br>9 .Ang Kapit-bahay na Sakim na si Ingguguwid<br>10 Si Aguinaya<br>11 Ang Paglalakbay ni Pumihic sa Kalangitan<br>12.Ang Alamat ng Bitu | 1.Kasanayan A<br>-Pagpapalawak ng Talasalitaan<br>2. Kasanayan B<br>-Pagkilala sa mga detalye<br><br>3.Kasanayan C<br>-Pagsusunod-sunod sa mga pangyayari<br><br>4.Kasanayan D<br>-Pagkilala sa pangkatauhan/moral/damdamin<br><br>5.Kasanayan E<br>-Paghuhula ng mga pangyayari |

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

| | |
|---|---|
| 13. Magappid<br>14.Ang Alamat ng Ating Lahi<br>15. Ang Curse Ng Ungwittan<br>16. Si Bugan Pangaiwan<br>17. Ang Alamat ng Ibong Duyyuduy<br>18. Si Bugan at Ang Ibong Maya<br>19 Intuyya<br>20 Sina Pattunul at Pattung-og | 6.Kasanayan F<br>-Mga karagdagang Gawain<br><br>7.Kasanayan G<br>-Pagsasagawa ng dula-dulaan<br><br>8.Kasanayan H<br>-Paggamit ng context Clues<br><br>9.Kasanayan I<br>-Paghahasa sa kakayahan sa pagbibigay ng mga wakas ng kwento |

Ipinapakita sa talahanayan na ang mga nakalap na kwentong – bayan ng Tuwali ng Ifugao ay makatutugon sa pangangailangan sa makrong kasanayan sa pagbasa para sa mga batang nasa ikalimang baitang at ito'y naipapakita sa talahanayan ang mga iba't ibang kasanayan sa pagbasa na naayon sa lebel ng mga mag-aaral sa ikalimang baitang.Ang resulta ay kaugnay sa pag-aaral ni Padilla (2014) na Pagbuo at Pagtataya ng Aklat-Sanayan sa Pagbasa na dito naihayag ang kung paano bumuo at magpatupad ng aklat-sanayan ng isang aklat-sanayan.Katulad ng resulta ng pag-aaral niya sa kasalukuyang pag-aaral na parehong epektibo sa pagtaas n gantas ng pagbasa ang paggamit ng mga materya na binase sa pinggalingang lokal .Katulad din ng pag-aaral ni Villanueva (2010) Alternatibong Kagamitang Panturo sa Pagbasa,natuklasan na ang alternatibong lokal na materyal ay mas epektibo kaysa sa mga komersyal ng materiales sapagkat sa lalim nitong kahulugan at konteksto kaya't pinatutunayan na mahalaga ang makabuluhang konteksto ng pangangailangan ng mga alternatibong panturo.

## IV. KONKLUSYON

Batay sa naging resulta ng pananaliksik, naipapakita na ang tekstong nakabatay sa mga local at kulturang kinagsinan ay may kabisaan sa paggamit nito lalo sa bahaging makrong kasanayan sa pagbasa ng mga nasa antas elementarya.Ang mga kwentong bayan mula sa Hingyon, Ifugao ay nagpapakita ng mataas na antas ng kaangkupan sa kakayahan, interes, at karanasan ng mga mag-aaral, kaya't nagiging mas makabuluhan at kawili-wili ang proseso ng pagbasa.Ipinakita rin ng pag-aaral na ang nabuong aklat-sanayan sa pagbasa ay epektibong tumutugon sa mga

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 7 July 2026, eISSN: 2799-0664

pangangailangan ng mga mag-aaral sa literal, inferensyal, at kritikal nap ag-unawa, gayundin sa pagpapalawak ng bokabularyo. Sa pamamagitan ng mga iba't ibang gawain at pagsasanay na hango sa local na kwentong bayan , mas nahihikayat ang mga mag-aaral na aktibong makilahok sa talakayan.Higit pa rito, napatunayan na ang aklat-sanayang binuo ay may mataas na antas ng kaangkupan batay sa ebalwasyon ng mga guro na nagtuturo sa Filipino.Sakabuuan ,ang pag-aaral ay nagpapakita na ang pagbuo ay kontekstwalisado at kulturang aklat-sanayan sa pagbasa ay isang makabuluhan at napapanahong hakbang sa pagpapabuti ng kalidad ng pagtuturo na pagbasa sa antas elementarya.Batay sa resulta, nangangailangan ito ng interbensyon. Ang mga guro ay dapat na mas mapalalim pa ang kaalaman tungkol sa iba't ibang paksang pangkultural para sa larangan ng pagpapataas sa antas ng pagbasa lalo sa mga nag-aaral na nasa antas elementarya.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

## TALASANGGUNIAN

[1.] Cruz, J. A. & Bautista, L. R. (2013). Panitikang bayan bilang kagamitang panturo sa pagbasa. Quezon City: Rex Book Store.

[2.] Dizon,E.P. (2011). Kultura at pagbasa: Isang pag-aaral sa mga mag-aaral sa elementarya.Philippine Journal of Education,90(2).45-58

[3.] Flores, M.T. (2013).Makrong kasanayan sa pagbasa at panitikang bayan.Cebu City:University

[4.] Gonzales,R.M.(2009). Paggamit ng kuwentong bayan sa pagtuturo ng pagbasa sa antas elementarya. Manila: Educational Publishing House.

[5.] Navarrro,S.L.(2015).Kakulangan ng local na materyales sa pagbasa sa pampublikong paaralan. Journal of Philippines Education .Press.

[6.] Padilla, C.G.(2014).Pagbuo at pagtataya ng aklat-sanayan sa pagbasa. Manila:National Book Store.

[7.] Reyes,D.F.(2012). Interes sa pagbasa ng mga mag-aaral gamit ang local na akda.Education Quarterly, 70(3).88-101.

[8.] Santos,P.N. (2014) Kontektuwalisadong aklat at pagkatuto sa pagbasa. Jounal of Curriculum studies

[9.] Villanueva, H.S. (2010). Alternatibong kagamitang panturo sa pagbasa. Baguio City: Cordillera Research Press.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved